

# Asian Development Bank Accountability Mechanism

Pakikinig sa mga Komunidad na Apektado ng mga Proyektong Tinutulungan ng ADB Tungo sa Mas Epektibong Pag-unlad

## Ang Asian Development Bank

Ang Asian Development Bank (ADB) ay isang *multi-lateral* na institusyong pangkaunlaran at pang-pinansyal na pagmamay-ari ng 63 na kasapi nito. Mithi ng ADB ang Asya at Pasipiko na malaya sa kahirapan. Sa pagpapa-utang, tulong teknikal at pinansyal, pagkakaloob ng pamumuhunan at ng garantiya sa mga pamahalaan at pribadong sektor sa mga kasaping papaunlad pa lamang, tumutulong ang ADB sa pagpapabuti ng pamumuhay ng mga tao sa pamamagitan ng gawain para sa kaunlaran.



## Ano ang ADB accountability mechanism?

Noong Mayo taong 2003, inaprubahan ng ADB ang bagong *accountability mechanism* kapalit ng dating *Inspection Function*. Itinatag ito upang mapagbuti ang paraan ng pagpapaabot ng karaingan ng mga taong apektado ng mga proyektong tinutulungan ng ADB; makahanap ng solusyon sa mga suliranin; at maireklamo ang paglabag sa mga patakaran at paraan ng ADB ukol sa pamamahala ng mga proyektong ito.

Ang pagtatatag ng bagong mekanismo ay hakbang ng ADB para sa mas epektibo at mas mataas na kalidad ng mga proyekto nito, at maging bukas o *transparent* sa pamamalakad ng mga proyekto nito.

Pinakamahalagang katangian ng mekanismo ang dalawang magkaugnay na tungkulin: ang konsultasyon at ang *compliance review* o pagsusuri sa pagsunod sa patakaran at paraan. Ang una ay konsultasyon sa mga apektadong sektor na ang layunin ay ang paglutas sa suliranin ng apektadong sektor. Kung walang kasiyasigang solusyong natuntun; o ang pagsasampa ng reklamo ay itinuring na di nararapat; o kung ang konsultasyon ay malayo na ang narating at marami pa ring tanong ukol sa pagsunod o di pagsunod sa mga patakaran o paraan; ang mga taong apektado ay maaaring humiling ng *compliance review*.

## Ano ang consultation phase o parteng konsultasyon?

- Layunin ng *consultation phase* na tulungan ang mga taong apektado ng mga proyektong tinutulungan ng ADB na makahanap ng solusyon sa kanilang mga suliranin. Ito ay pinamumunuan ng *Special Project Facilitator*.
- Ang *consultation phase* ay nagsisimula sa pagsisiyasat kung may basehan ang reklamo. Kung ang reklamo ay tinanggap, ang layunin ng konsultasyon ay magkaroon ng pagsang-ayon ang lahat ng mga apektadong sektor: ang nagrereklamo, ang tagapamahala/tagapamalakad ng proyekto, ang pamahalaang may-ari ng proyekto o pribadong sektor, at ang ADB. Ang *Special Project Facilitator* ay hindi manghihimasok sa panloob na suliranin ng miyembrong bansa.
- Ang *Special Project Facilitator* ay nagbibigay ng karagdagang daan upang malutas ang mga suliranin ngunit hindi niya panghihimasukan ang bahaging ginagampanan ng *operations departments* ng ADB. Siya ay direktang nag-uulat sa Pangulo ng ADB at nagbibigay ng rekomendasyon ukol sa pagtugon sa mga reklamo. Siya ay nagbabantay o nagmo-*monitor* sa implementasyon ng mga kasunduang naabot sa parteng konsultasyon.

**"Malaki ang tiwala ko na sa pamamagitan ng suporta ng lahat ng mga sektor, ang *Accountability Mechanism* ay makasasagot sa kanilang mga hiling na matugunan ng ADB ang reklamo ng mga tao sa komunidad na apektado ng mga proyekto, at makapagtatag ng isang bukas o *transparent* na proseso na makadadagdag sa *accountability* ng ADB."**

TADA0 CHINO

Pangulo ng ADB

Mensahe ukol sa pagpapatupad ng ADB Accountability Mechanism

Disyembre 2003



### Ano ang *compliance review phase* o parteng pagsusuri sa pagsunod sa patakaran at paraan?

- Ang *compliance review* ay nakatuon sa pagtiyak sa direkta at materyal na pinsala sa mga taong apektado ng proyekto ng ADB, at kung ito ay dahil sa di pagsunod ng ADB sa patakaran nito sa pagpapalano, pagpoproseso o pamamalakad ng proyekto. Ang pagsisiyasat ay isinasagawa ng independienteng *Compliance Review Panel*.
- Ang *compliance review* ay nagsisimula sa rekomendasyon ng *Compliance Review Panel* sa *ADB Board of Directors* kung dapat sumailalim ang kahilingan sa pagsisiyasat. Kapag ito ay naaprubahan, ang *Panel* ay nagsasagawa ng independienteng imbestigasyon at nagbibigay ng rekomendasyon sa *Board of Directors* upang masiguro ang pagsunod ng proyekto sa mga patakaran at paraan ng ADB, kasama na ang mga dapat baguhin sa pamamalakad ng nasabing proyekto.
- Ang *Panel* ay sinusuportahan ng *Secretariat*—ang *Office of the Compliance Review Panel*. Ang *Panel* ay magbabantay o magmo-monitor din ng pagpapatupad ng mga aksyong tutugon sa mga reklamo/kahilingan na naaprubahan ng *Board of Directors*.

### Sino ang maaaring magsampa ng reklamo o kahilingan?

- Grupo ng dalawa o higit na dalawang tao sa bansa o kalapit na bansa kung saan naroroon ang proyekto na tinutulungan ng ADB. Ito ay maaaring isang organisasyon, asosasyon, o iba pang grupo ng mga indibidwal.
- Isang lokal na kinatawan na naatasan ng mga miyembro ng komunidad na apektado ng isang proyekto na tinutulungan ng ADB.
- Isang di-lokal na kinatawan kung walang ibang residenteng maaaring kumatawan sa nasabing komunidad at ito ay sinang-ayunan ng *Special Project Facilitator* at kung ito ay isang kahilingan, ito ay dapat sang-ayunan ng *Compliance Review Panel*.
- Ang sinumang *Board Member* ay maaaring magharap ng kahilingan para sa *compliance review* ng anumang proyekto na kasalukuyang isinasagawa.




## Paano magharap ng reklamo o kahilingan?

Sinumang nais magreklamo ay dapat unang magharap ng nasabing reklamo sa *Special Project Facilitator*. Maaari lang maghain ng kahilingan sa *Compliance Review Panel* kung ang reklamo ay di napagtibay; ang nagreklamo ay hindi kuntento sa takbo ng konsultasyon; o kung ang konsultasyon ay halos patapos na at mayroon pang mga tanong ukol sa pagsunod sa patakaran o paraan.

Ang reklamo o kahilingan ay kailangang pormal na nakasulat at isusumite sa *Special Project Facilitator/ Secretary, Compliance Review Panel*, sa pamamagitan ng koreo, *fax*, *e-mail*, o personal na dalhin sa tanggapan ng ADB o sa kanyang mga *resident missions* o *representative offices*. Ang reklamo o kahilingan ay maaaring nakasulat sa wikang Ingles o wikang opisyal ng miyembro ng ADB kung ang nagharap ng reklamo o hiling ay di makapagbigay nito sa wikang Ingles. Ang katauhan ng nagharap ng reklamo o kahilingan ay di ilalantad kung ito ay nais niya subalit hindi ito tatanggapin kung ang nagpadala ay hindi nagpakilala.

## Anu-anong mga bagay ang hindi tinatanggap bilang reklamo o kahilingan?

- Mga desisyon ng ADB o ng mga nagsasagawa ng proyekto ukol sa pagbili ng bagay/gamit, serbisyo, at serbisyo ng *consultants*. Ang mga ito ay dapat ipaalam sa *ADB Central Operations Services Office* na maaaring makontak sa [www.adb.org/COSO](http://www.adb.org/COSO).
- Mga paratang ukol sa katiwalian at korupsiyon sa proyekto na kinasasangkutan ng mga kawani ng ADB. Ang mga ito ay dapat ipaalam sa *Anticorruption Unit* ng ADB, *Office of the Auditor General*, na maaaring makontak sa [www.adb.org/Anticorruption/unit.asp](http://www.adb.org/Anticorruption/unit.asp).
- Mga proyektong mayroon nang *project completion report* na kadalasang inilalabas sa loob ng dalawang taon matapos ang pisikal na pagtatapos ng proyekto.
- Mga bagay na sumailalim na sa nakaraang *Inspection Function* o *Compliance Review Panel*.
- Mga pampribadong proyekto na nabigyan na ng *concept clearance* bago ang 29 ng Mayo 2003.



Para sa karagdagang impormasyon o kaalaman ukol sa ADB accountability mechanism, sumangguni sa [www.compliance.adb.org](http://www.compliance.adb.org)

## Mga nilalaman ng isang reklamo

Ang reklamo ay kailangang magbigay ng mga sumusunod na impormasyon:

- Ang nagreklamo ay naapektuhan, o maaaring direktang maapektuhan at makasasama sa kanila ang isang proyektong tinutulungan ng ADB
- Na ang nasabing masamang epekto ay resulta ng isang bagay na ginawa o hindi ginawa ng ADB sa pagpapalano, pagpo-proseso, o pagsasakatuparan ng proyektong tinutulungan ng ADB
- Paglalarawan ng mga karapatan at interes na naapektuhan o maaaring direktang maapektuhan ng proyektong tinutulungan ng ADB
- Pagpapakilala ng pagkatao ng naghaharap ng reklamo (at ng kanyang kinatawan/*representative*) at ang kanyang *contact information*, at kung nais niya itong ilihim, ang dahilan ng di pagbigay ng pangalan o *identity*
- Kapag siya ay mayroong kinatawan o *representative*, ang pangalan ng mga taong naapektuhan o maapektuhan ng proyekto at patunay ng ibinigay na kapangyarihan upang sila ay i-representa
- Isang maikling paglalarawan ng proyektong tinutulungan ng ADB, pangalan at lokasyon, kung mayroon
- Ang nais na resulta o pagtugon sa reklamo ng mga taong apektado ng proyektong tinutulungan ng ADB, o ang nais nilang tulong na matanggap sa pamamagitan ng *Special Project Facilitator*
- Pagpapaliwanag ng mga hakbang na ginawa ng naghaharap ng reklamo na ihain o matugunan muna ng *operations department* na kasangkot sa suliranin ang mga problemang kinakaharap
- Pagpapaliwanag kung bakit ang alinman sa mga naunang nasabing impormasyon ay hindi maaaring ibigay
- Anumang impormasyon na kailangang ipagbigay alam, kasama ang mga dokumentong nagpapatunay dito

Maaaring sumangguni sa *Special Project Facilitator* sa

### Special Project Facilitator

Asian Development Bank  
6 ADB Avenue  
Mandaluyong City 1550  
Philippines

Tel: +632 632-4825  
Fax: +632 636-2490  
E-mail: [spf@adb.org](mailto:spf@adb.org)  
Website: [www.adb.org/spf](http://www.adb.org/spf)

## Mga nilalaman ng isang kahilingan para sa *compliance review*

Ang kahilingan ay kailangang magbigay ng mga sumusunod na impormasyon:

- Ang naghaharap ng kahilingan ay naapektuhan, o maaaring direktang maapektuhan at makasasama sa kanya ang isang proyektong tinutulungan ng ADB
- Na ang nasabing masamang epekto ay resulta ng isang bagay na ginawa o hindi ginawa ng ADB sa pagpapalano, pagpo-proseso, o pagsasakatuparan ng proyektong tinutulungan ng ADB
- Paglalarawan ng mga karapatan at interes na naapektuhan o maaaring direktang maapektuhan ng proyektong tinutulungan ng ADB
- Pangalan o *identity* ng naghaharap ng kahilingan at ang kanyang *contact information*, at kung nais niya itong ilihim, ang dahilan ng di pagbigay ng pangalan o *identity*
- Kapag siya ay mayroong kinatawan o *representative*, ang pangalan ng mga taong naapektuhan o maapektuhan ng proyekto at patunay ng ibinigay na kapangyarihan upang sila ay i-representa
- Isang maikling paglalarawan ng proyektong tinutulungan ng ADB, pangalan at lokasyon
- Ang nais na resulta pagtugon sa kahilingan ng mga taong apektado ng proyektong tinutulungan ng ADB, o tulong na nais matanggap mula sa ADB
- Paglalarawan ng mga resulta ng mga naisagawang bagay ng taong naghaharap ng kahilingan upang matugunan ang reklamo na isinampa muna sa *Special Project Facilitator* (o kapag ito ay hindi tinanggap ng *Special Project Facilitator*, isang paliwanag kung bakit ito ay dapat tanggapin para sa *compliance review*)
- Pagpapaliwanag kung bakit ang alinman sa mga naunang nasabing impormasyon ay hindi maaaring ibigay
- Anumang impormasyon na kailangang ipagbigay alam, kasama ang mga dokumentong nagpapatunay dito

Maaaring sumangguni sa *Compliance Review Panel* sa

### Secretary, Compliance Review Panel

Asian Development Bank  
6 ADB Avenue  
Mandaluyong City 1550  
Philippines

Tel: +632 632-4149  
Fax: +632 636-2088  
E-mail: [crp@adb.org](mailto:crp@adb.org)  
Website: [www.compliance.adb.org](http://www.compliance.adb.org)